



### Abstract

COVIDagli is part of Beverly Siy's latest book of the same title. COVIDagli is an invented form (by Dr. Vim Nadera) of flash fiction in the Philippine national language. Each has 19 words and mirrors the experiences of the Filipino people during the COVID crisis.



### Keywords

Ordinary Filipinos, COVID crisis, flash fiction, political literary work, women's literature during pandemic


### English title

COVIDagli = flash fiction about COVID crisis

# COVIDagli


**BEVERLY W. SIY**

1
"Akinse na. Makakasahod ka ba?" tanong ng matanda sa isang saleslady.

"Di ko alam, Ma. Baka sa katapusan pa."

2
"Alkohol! Sabon! Mask! Na pambata!"

"Awat na," natatawang sabi ng nanay. "Baka mahabaan si Santa Klaws sa iyong listahan."

3
Buong araw na ngang nagka-copy-paste, di pa rin siya maka-quota.

Pag ganito'y change text, ayon sa farm manual nila.

4
Biglang tumagos sa sariling PPE ang pinigil-pigilan niyang ihi.

Nag-leak ang test result ng pasyenteng inoperahan nila nang magdamag.

5
Nag-umpisang biro ang lahat.

Kaya mabaliw-baliw sila sa laboratoryo nang mawala ang sipon ng dagang nilulong nila sa methamphetamine.

6
Panay ang selfie ng janitor sa piling ng malalaking paruparo.

Siya ay natigilan, at payukong lumabas ng doctors' lounge.

7
"Oy, poorest of the poor, inyo na ang korona. Go," sabay dura ng mga hari at reyna, galaiting-galaiti, diring-diri.

8
Sa kanyang puwesto sa may kabaong, tahimik siyang nanalangin. Pagkatapos ay masuyo niyang kinapitan ang unang kamay sa salamin.

9
Matapos ang pasikretong kaltas, saka siya sumenyas. Sabay-sabay pumasok ang lahat.

Nagbunyi ang mga virus sa kamay ni Kap.

10
"Mag-iisang linggo."
"Ikaw naman?"
"Dalawa. Nakapasok na kapanabayan ko. Nasinghot."

Panatag silang naglibot sa face mask ng isang basurero.

11
Sa gate, bumaba ang van ng mga doktor.

"Ambilis naman."

"Napakaganda!"

"Maaliwalas!"

"Pa-log in po," sabi ni San Pedro.

12
"Till death do us part."

Sabay silang pumikit.

At bumulusok ang kinakapitan nilang kamay diretso sa tambak na hugasin.

13
Tuloy-tuloy ang mga barko sa daungan.

“Frontliner din kami!”

“Pahingi’ng PPE!” panawagan ng mga empleado ng Bureau of Immigration.

14
Bawas-alalahanin sa tulad niyang may COVID ang sulat ng doktor:

Puwedeng magpasuso. Mamaya, dadalhin sa iyo ang baby mo.

15
Birthday song pala ang soundtrack ng kanyang maikling buhay.
Naririnig niya ito habang siya’y naghihingalo, naglalaho. Na parang bula.

16
Nanatiling dilat si Nanang.

“Ang tawag sa atin ay siya ring tadhana natin, sa panahon ng peste. Patay. Gutom.”

17
Hatinggabi siyang sumaludo sa frontliners.

“Nakakabilib talaga. Salot ako sa inyo,” sabay hanay ng mga daliri sa sariling kilay.

18
Sa ikatatlumpung araw ng lockdown, nagdiwang ang ospital.

Sa wakas, may tumugon sa kanilang panawagang mag-donate ng body bag.

19
“Nag-ikot-ikot ako sa buong Pilipinas bago ako nanganak. Kaya baby Luzviminda po, Dok.”

“Kayo naman, Misis.”

“Baby Checkpoint po.”

20
Araw-araw.

Pansin niya ang bigat ng motorsiklo, kahit nababawasan ang bilang ng donasyong pagkain sa ospital na kanyang pinaghahatiran.

21
“Perstaym mong magboluntir?”

“Oo.”

“Sige, ako na.”

Binawi niya sa kapwa rider ang mga donasyong body bag.

22
LF body bag 20 pcs
Meron me, onhand
HM?
Nikke? Adidds? Prahda?
WTF
Sori powz, waley kaming ganyang brand

23
LF body bag 20 pcs
Meron ako, 1 pc, onhand
HM?
Free
Ha? RFS?
Masikip for me. Iyo na.

24
Nawawala ang ilang doktor at siyentipiko.

Dahil ang natunton nilang puno't dulo ay hindi palengke kundi isa ring laboratoryo.

25
"COVID na nga, sumama pa rin dito mister n'yo. Kaya niyang magpairi? Magpaanak?"

"Dok, kaya niyang mambastos ng batas!"

26
"Libre bahay, pagkain, gamot, padoktor. Payag magka-COVID?"

Tumango ang mag-asawa.

"You're hired! Bente mil kada ulong ipatutumba ni Boss."

27
Walang mask ang sundalong nakadipang parang Kristo.

"'Wag n'yo nang patulan," sigaw ng taumbayan.

Kinalabit ng pulis ang gatilyo.

28
Sundalong walang mask, pinaputukan.
Bumubunot daw kasi ng armas.
Magbubukas lang pala ng bag
Para may maipakitang quarantine pass.

29
Wanted: Bakuna Kontra-COVID

Pabuya: 10 M sa makakaimbento.

Para sa mga karagdagang detalye, tumawag na agad sa PNP Hotline.

30
Salamat sa mamisong sitsirya.

Pinakamurang ulam, walang sinabi ang karinderya.

Bawat araw, isa.

Iwas-utang hangga't may barya sa bulsa.

31
"Ma!"

"Gising!"

"Laban!"

"Kaya mo 'yan, Ma!"

"Nandito kami!"

Nanatiling walang tugon ang pasyente sa maingay na video call.

32
"Kumusta sex life n'yo, mga amiga?"

"Naku!"

"Andaming asungot!"

"Mga bata!"

"Pagoda sa araw!"

"Sa gabi?"

"Lalo na!"

#lockdownvagina

33
Sa sipag mang-aresto,

Parang may quota si SPO2.

Siksikan tuloy sa presinto,

An'sabi pa, "COVID, sampalin kita d'yan, e!"

34
"50 M na!"

"Ang pondong pangmasa?"

"Ang reward sa makakaimbento ng bakuna!"

"Parang naghahanap lang ng kriminal ang peg."

35
"Batchmate, 'musta na? Ngayong lockdown, WFH ka?"

"Work from home ako noon pa. Linis, luto, laba, para sa pamilya."

36
"Ayin, lumabas ka't bumili ng suka."

"'La, bawal na raw ang bata."

"Punyeta! Pa'no na? Bawal din ang matanda!"

37
Naganap na ang kanyang pangamba.

Hindi pera ang inilabas ng makina!

Papel lamang na nagsasabing, "Wala na nga. Wala."

38
"'Te, nag-ECQ lang, di ka na nagtatapon ng basura."

"Bunso, ikaw na."

"Sumbong kita."

"Hassle lumabas, 'kaw kaya mag-bra?"

39
Oo, bumili ako para sa isang ospital. Ngayon, may gana kang itanong "ano'ng ambag ko?" Ayan, o, body bag.

40
Ang saya-saya nina Ate't Koya pag dumarating ang Shoppee at Lazadah. Tiba-tiba ang bulsa, ang saya-saya rin ng China.

41
Pinatahimik ang tagapagbalita dahil ibinalita nito ang laging nasa ulo ng balita. Ang iba pang tagapagbalita, di na makapagsalita.

42
Bawal muna'ng dalaw, sabi ng warden.

Nang maipasok ang pagkain sa selda, ibinenta raw ng mayora, sabi ni Mama.

43
Pag ikaw ang host at hayop sa kakulitan ang ka-meeting mo, ang tawag ba sa iyo ay Zoom Keeper?

44
Sa puso ng reyna,

isang ilog na dalisay

ang bumukal.

Batong humarang ang mga kawal.

Umahon,

Lumaban

ang taumbayan.

45
Sa modules, ito ang ginawa ni Teacher 1:

Sulat-sulat.

Edit-edit.

Proofread-proofread.

Submit-submit.

Pagka-print, si Master Teacher ang nasa credit.

46
"Sa rapid test?"

"Negatib."

"Swab test?"

"Pasitib. Ba't po magkaiba ang resulta?"

Walang maisagot ang doktor sa bagong pasyente.

47
"COVID nakasulat sa death certificate? Nabundol po nanay ko!"

"Libre punerarya, cremation, libing! Ano, palitan natin ng totoo?"

48
Beshie, na-retrench ako sa opisina.

Depressed ka't nag-aalala?

Ano pa nga ba?

Pasyal tayo sa dolomite.

I know, right?

49
Aruy!

Ate!

Aguy!

Anyare?

Nalaglag ako!

Unang araw pa naman ng klase.

May signal. Pero sa bubong lang kasi.

50
Napapagal man ang katawan at kaluluwa,

Bawat umaga pa rin ang pagtingala

Nitong mga anak ng hinirang na lupa.